

PROLOGUE

“Enna, darating ngayong umaga ang anak ni Sir Antonio, kasing-edad mo siya kaya dapat maging mabait ka sa kanya, ha?” Maang na tinitigan ng apat na taong gulang na si Enna ang kanyang ina mula sa salamin. Masuyo nitong sinusuklay ang mahaba at unat na unat niyang buhok.

“Pero, Mama, walang anak si Sir Antonio. Wala silang anak ni Ma’am Isabella,” kunot-noong turan ng maputing bata.

“Meron, Alvaro ang pangalan niya. Anak siya ng amo natin, nahiwalay siya sa pamilya niya n’ung bata pa siya. Ngayon naibalik na siya—”

“Nahiwalay siya?” Namilog ang mga mata niya. “Bakit, Mama?”

“Mahabang kuwento, Enna. Kapag malaki ka na, sasabihin ko sa ‘yo.’”

“Saan siya nakatira n’on, Mama?”

“Hmm... sa malayo.” Lumalim ang kunot ng noo niya.

“Eh, di nahiwalay siya sa mga kaibigan niya d’on

at wala siyang kaibigan dito?”

“Parang gan’un na nga.” Tila nalungkot ang bata.

“Kawawa naman siya.” Ilang segundo rin naisip si Enna bago nagliwanag ang mukha niya at malawak na ngumiti. “Alam ko na, Mama! Ako na lang ang magiging kaibigan niya para hindi na siya malungkot!” Hindi napigilan ni Mrs. Ophelia Rivera ang mapangiti.

“That’s good, Enna. Ang bait talaga ng anak ko!” Mahigpit nitong niyakap ang bata.

“Ano sa palagay n’yo ang dapat nating gawin? We already brought him to a child psychologist, pero wala pa ring pagbabago sa behavior niya.” Don Enrico Altez-Villegas stared at his son who was standing casually beside the window of the luxurious study of the Altez-Villegas mansion.

“Hindi naging maganda ang childhood ng bata,” pagpapatuloy ni Antonio. “His mother was not very good to him and he was bullied in his neighborhood dahil sa kawalan niya ng ama at sa bisyo ng nanay niya—” Natigilan ito. Pinagmasdan ng nakatatandang Villegas ang expression ng anak.

“What? Are you feeling guilty, Antonio?”

“Whether I’m feeling guilty or not is beside the point, Papa,” tugon nito, kaswal pa rin ang tono. “Let’s talk about what to do with Alvaro. Mula nang dumating siya dito kaninang umaga, nagkulong na siya sa kuwarto niya at ayaw pa rin akong kausapin o si Isabella. I’ve been seeing him for three months now, pero wala pa ring pagbabago; ayaw pa rin niya ‘kong kausapin. Akala ko kapag dinala ko na siya rito sa bahay ay mas magwa-warm up na siya.”

“What do you expect?” kibit-balikat ng ama.

“He has been taunted by people around him for not having a father, then when his mother died...” Tumigil ito. “No, his mother killed herself, in front of him.”

Don Enrico shuddered at the thought. Napailing ito. Alvaro was such an unfortunate child.

“That is just too much, then a complete stranger suddenly appeared and told him he is his father. Not only that, but you even gave him a new mother when his own just died. The child is in shock, Antonio; the events are just too much for him. We have to give him time.”

“Hindi sana mangyayari ang lahat ng ito kung

hindi siya tinago ng babaeng ‘yon! That bitch! If she’s not yet dead, I would have killed her myself.”

“Antonio!” saway ng ama nito. “As you said, that issue is beside the point, wala na tayong magagawa tungkol d’yan. At isa pa, kahit na gaano pa kapangit ang memory ni Alvaro sa nanay niya, she was still his mother. It won’t do good if you say bad things about her, especially in front of the child.” Bumuntong-hininga si Don Enrico. “Isa pa, you are at fault too.” With this, Antonio’s eyes shot sharply at his father.

“Pero siguro this is for the better since your wife cannot bear children,” patuloy ng matanda. “Ang dapat lang sana, you took all the necessary precautions para hindi naitakas ng babaeng ‘yon ang anak mo, at sana kumuha ka ng mas fit na babae for the artificial insemination.”

“She was highly recommended by the orphanage kung saan tayo naghanap ng possible surrogate mother,” paalala ni Alvaro. “We didn’t have too many choices. Alam n’yo namang hindi p’wedeng malalapit sa atin ang kunin nating magiging ina ng anak ko. It would have been a scandal, and it would hurt my wife kung malalaman ng iba that she cannot bear children. You know all that, Papa. Who would have thought that she would run away with my child?”

Napailing na nagpakawala ito ng buntong-hininga.

Tumayo ang don at nilapitan ang anak. “Yes, you are right. I supposed we couldn’t have prevented that.” Bumuntong-hininga muli ito. “Let’s just give Alvaro some time. Everyone, aside from the Rivera family, believes na anak n’yo siya ni Isabella na galing lang ng States for health purposes. Things should go well. Let’s just give him time to adjust.” Tumango si Antonio.

“I hope you’re right, Papa.”

Mula sa siwang ng pinto ng kuwarto, sinilip ni Enna ang batang lalaking nakaupo sa gilid ng kama. Nakatungo ito at tila nag-iisip. Kagaya ng ama nitong si Don Antonio Altez-Villegas, maitim na maitim ang buhok ni Alvaro na tila nagkukulay asul kapag tinamaan ng sinag ng araw, mamula-mula ang balat at kulay chocolate ang mga mata. Napakunot-noo ang babaeng paslit at kinagat-kagat niya ang pang-ibabang labi.

Kanina pagdating ni Alvaro kasama ng ama nito, wala itong imik, ni hindi siya nito pinansin nang ipakilala siya ni Don Antonio. Tiningnan lang siya nito na para bang hindi siya nakikita at pagkatapos

itong dalhin ng ama sa kuwarto nito, nagkulong na ito roon.

Ilang segundo rin nag-isip si Enna bago huminga nang malalim at binuksan nang maluwag ang pinto.

“Hi!” nakangiting bati niya sa nagulat na batang lalaki. Mabilis nitong binawi ang tingin at tumungo ulit. Tumakbo siya rito at kinuha ang mga kamay nito.

“Laro tayo, Alvaro—Ahh!” Tinulak siya nito.

“Hindi ko kailangan ng kalaro! Iwan mo ‘ko!” Sa gulat niya sa pangit na pagtrato nito sa kanya, hindi napigilan ni Enna ang mapaiyak, mabilis siyang napatayo at tumakbo palabas ng kuwarto nito.

Napakagat-labi si Alvaro.

“Mahahawa ka sa malas ko kapag nakipaglaro ka sa ‘kin,” malungkot niyang bulong sa sarili.

“Ay, wala kang tatay! Malas ka! Kaya ka iniwan ng tatay mo! Kaya ka sinasaktan ng nanay mo! Kaya nagpakamatay ang nanay mo! Malas ka! Kaya hindi kami makikipaglaro sa ‘yo! Mamalasin ang magiging kalaro mo! Malas! Malas! Malas! Malas si Alvaro!” narinig niya sa utak niya ang mga panunukso ng mga batang kapitbahay nila sa kanya.

Malamlam ang mga matang tumungo siya.

“Alvaro!” Gulat na napatingin siya sa bumukas na pinto ng silid at sa humihingal na si Enna.

“Ano ba? Sabi ko ayaw ko nang kalaro!” bulyaw niya. Tumakbo ito at niyakap siya nang mahigpit.

“Eh, di magiging asawa mo na lang ako!” ngiti nito. “Ang mag-asawa, laging magkasama gaya nila Mama at Papa! Magiging asawa mo na lang ako para lagi tayong magkasama! Di ba masaya ‘yon?” Napamaang ang batang lalaki.

Hindi alam ni Alvaro kung ano ang ibig sabihin nito na mag-asawa. Ang alam niya ay walang asawa ang mama niya kaya wala itong laging kasama. Subalit nang mga oras na iyon, masarap ang pakiramdam niya sa yakap nito. He felt inexplicably warm and safe, isang bagay na ngayon lang niya naramdaman.

Hindi niya namamalayan na kusang umakyat ang mga kamay niya at niyakap din si Enna.

“Sige,” pagsang-yon niya.

Masarap ang pakiramdam na yakap siya ng kausap, pero nalaman niyang mas masarap kapag niyakap din niya ito.

The young boy knew that moment, that he wanted to have this warmth and calmness this young

Almost Love - Ella Gualvez

girl gives him for the rest of his life.

1

“Here’s the marketing study for the new project and the year-end financial report. Mrs. Aurora Valdez, your aunt, phoned a while ago to remind you of your lunch meeting with her. We also had set the date for your meeting with the Japanese automobile company next week.”

Pinatong ni Enna Rivera ang mga documents sa lamesa ni Alvaro Altez-Villegas, ang current head ng *Altez-Villegas Motors* at heir at future CEO ng buong *Altez-Villegas Conglomerate*, ang isa sa pinakamatanda at pinaka-successful na conglomerate sa buong Pilipinas.

“Yes, thank you. Have you finished the presentation for the meeting with the Japanese investors?” Nagtaas ng tingin ang lalaki at sinalubong ang mga mata niya.

“Yes, I have finished it. I emailed the presentation to you, Sir, and I’ll handle any necessary changes you might see fit.” Involved sa automobile production ang *AV Conglomerate* at si Alvaro nga ang namamahala. Kabilang din sa ibang business ng napakalaking kompanya ang construction, pharmaceuticals, information technology, jewelry,

banking at department stores. Dahil sa lawak ng mga businesses nito, the Altez-Villegas continued to be on the top three richest families in the country habang kasama naman ito sa top 100 corporations sa Asia. Sa kasalukyan, ang ama ni Alvaro na si Antonio Altez-Villegas ang CEO ng buong conglomerate. May balak na ang pamilya na ibigay ang buong pamamahala niyon kay Alvaro.

“Have you researched the preferences of our Japanese guests?” Nakatuon na ang atensyon ng lalaki sa pagbabasa ng marketing study.

“Yes, Sir. I’ve included a detailed summary of our Japanese guests’ profile in my email. I’ve also taken into consideration the information gathered about them in choosing the place, the food and their itinerary while they stay here.” Muli itong nagtaas ng tingin at ngumiti sa kanya.

“As expected, your work is impeccable.” Nanatiling pormal ang mukha ni Enna.

“Thank you, Sir, but I think you should check my email first before you praise me.” Umiling ang binata.

“Sure, but I know it’s flawless, I know you. Come here now, I want a kiss,” seryosong utos nito.

Dito nawala ang kapormalan ng mukha ng

dalaga. Dapat sanay na siya sa mga ganitong utos ni Alvaro, after all, magkasama na sila since four years old. Enna's family had been serving the Altez-Villegas since the Spanish period. Ang totoo, nang nag-migrate ang pamilyang ito sa Pilipinas mula sa Spain noong panahon ng mga Kastila, kasama ng mga ito ang kanyang ninuno.

Sa kasalukuyan, mayordoma ang kanyang ina sa mansion habang siya naman ang personal assistant ni Alvaro. Naging napakabuti ng mga Altez-Villegas sa mga Rivera, they even treat them more like family rather than servants, but Enna knew better. Kahit ano ang mangyari, they were still master and servants. Pero hindi na magtatagal iyon.

“Kiss your ass,” mahinahon niyang sabi. Alvaro's gaze turned sharp.

“Cut the crap. You know your refusal is meaningless and useless,” malamig na sabi nito. Makakadama ng takot ang sinuman kapag narinig ang ganitong tono ng binata, pero walang epekto iyon kay Enna.

“I'm quitting my job in two weeks, and I'll start training your new assistant tomorrow. Kung wala ka nang ibang kailangan, *Sir*, babalik na ko sa puwesto ko.” Tinalikuran na niya ito.

“Do you seriously think you can run away from me, Enna? ‘Wag ka nang magpagod, because you can’t,” narinig niyang pahayag nito.

“I’m not running away from you. I’m leaving you.” She walked out of his office.

Enna scanned the cafeteria inside the main building for a vacant seat. Lunchtime na kaya medyo puno na ang lugar, pero marami pa rin siyang nakitang vacant seat sa mga tables ng mga katrabaho. Subalit kahit na magkaganoon, alam niyang magiging awkward lang ang sitwasyon kung makikiupo siya sa mga ito. Sa loob ng anim na buwan na nagtrabaho sila ni Alvaro sa *Altez-Villegas Motors*, wala siyang naging close na co-worker. Yes, they were all polite and kind to her, in fact, too polite and kind for any genuine friendship to ever develop. Pero wala nang bago roon, it had been like that since she was eleven years old.

Pinili niyang umupo sa isang bakanteng table malapit sa glass-panelled windows ng cafeteria. Kasabay ng paglapag niya ng tray ang paglapag din ng tray ng isa pa.

“I came here first,” anang lalaki na may-ari ng

tray. Bagong member ito ng planning team at sa pagkakaalala ng dalaga, Joseph ang pangalan nito.

“Oh, yeah? May ebidensiya ka?” aniya, sabay upo sa silya pagkatapos ay nagsimula na siyang kumain. Umupo rin ito sa table at nag-umpisa na ring kumain ng lunch. “Hey, eat someplace else. I don’t want to share this table with you,” she spat.

“My, you’re rude. I wonder what the President sees in you.” Her eyes snap back at him. “Hindi ka rin naman talaga maganda, not really that sexy. Yeah. you’re probably smart but there’s still a lot of other people who are way smarter than you.”

Manghang nakatitig lang si Enna rito, hindi alam kung matatawa o magagalit sa lalaki. Totoo ang sinabi nito. In a way, ordinaryo ang hitsura niya, kahit pa nga maputi siya, makinis at tama lang ang height, all thanks sa namana niyang Spanish gene sa mga ninuno, pero despite these, hindi pa rin siya strikingly beautiful. More like cute and very presentable. Pero kahit na, napakabastos ng pagkakasabi nito ng mga katagang binitiwang.

“What’s your problem?” she asked incredulously.

“Nothing in particular, curious lang kung ano ang nakita sa ‘yo ni Sir Alvaro.” Hindi pa rin siya

makabawi sa pagkagulat. “What? Alam naman ito ng lahat, di ba? Ang heir ng *Altez-Villegas Conglomerate*, head over heels in love sa assistant niya. Lahat ng mga empleyado ay pinagtsitsismisan ‘yun, ah, kaya ‘wag mong sabihing hindi mo alam?” nakakalokong tanong nito.

Before Enna knew it, she was already laughing.

“Ano’ng nakakatawa?” he asked dryly.

“Ikaw, nakakatawa ka.” Napakabastos nito and that was very refreshing. Lahat kasi ng mga tao sa paligid niya ay parang ang ingat na ingat kapag kaharap siya kahit na alam naman niyang kung ano-ano ang sinasabi ng mga ito sa likod niya. But this guy actually said that.

“Then siguro alam mo na rin dapat na nagiging mahirap ang buhay ng mga taong dumidikit sa akin.” Nakangiti siya rito.

“Narinig ko nga.”

“Pero alam mo kung ano, sa tingin ko hindi ako magi-guilty kung mahihirapan ka.” Nakangiti pa rin siya.

“My, you’re horrible,” iling nito.

“If you want to make your life difficult, fine, stay,

I don't care." Nagpatuloy na si Enna sa pagkain ng kanyang lunch.

Alvaro felt his whole body stiffen at the sight of Enna laughing with another guy. Nakatayo siya sa di-kalayuan sa labas ng elevator kung saan kitang-kita niya ang full view ang glass-panelled side ng cafeteria. Kagagaling lang niya sa isang lunch meeting with his relatives. Nagmamadali nga siyang umalis para makahabol sa lunch at makasabay kay Enna. Normally, sinasama niya ang dalaga kahit sa mga non-official affairs kagaya nito, pero hindi maganda ang mood nito kanina kaya pinabayaan na muna niya ito. Mukhang mali ang desisyon na iyon.

Napakalamig ng expression ng mukha niya habang pinagmamasdan ang kababatang makipag-usap sa ibang lalaki.

"You dare," he muttered calmly but coldly. Tumulikod na siya at naglakad papalayo sa cafeteria.

2

“Binuksan ni Enna ang pinto ng maliit na apartment niya. Nang magsimula siyang magtrabaho sa *AV Motors*, napagpasyahan kaagad niya na mamuhay nang mag-isa. Partly dahil gusto niyang maging independent, pero higit pa roon, nais niyang mapalayo kay Alvaro. Ayaw na niyang tumira sa bahay nila na nasa bakuran lang ng Altez-Villegas mansion.

Para masiguro na hindi siya nito masusundan sa lugar na iyon, sinadya niyang tumira sa isang third-rate subdivision, kung saan siguradong hindi puwedeng lumipat ang kababata. Okay na okay kay Enna ang nabanggit na subdivision na iyon dahil fit na fit ito sa budget niya. Kailangan kasi niyang ipunin ang lahat ng pera na kaya niya para sa balak niyang pagputol ng koneksyon sa mga Altez-Villegas.

She turned on the lights then removed her shoes. It had been a long day. Nagtungo siya sa kusina at nagtimpla ng tsaa. Ininom niya ito at pumikit siya, waiting for its calming effect to take hold.

“Do you seriously think you can run away from me, Enna? ‘Wag ka nang magpagod, because you can’t.”

Hindi kinaya ng calming effect ng tsaang inis niya nang maalala ang sinabi ni Alvaro kanina.

“Ang kapal talaga ng mukha! Just watch me and you’ll see,” kausap niya sa sarili.

“Sino’ng makapal ang mukha?” Muntikan na niyang malaglag ang hawak na tasa nang biglang marinig ang boses ni Alvaro.

Speaking of the devil, she thought.

“What the hell are you doing here! Paano ka nakapasok?” Wala sila sa opisina kaya hindi na pinigil ni Enna ang inis dito. Walong oras na niyang kinakausap ito nang matino sa trabaho at pinagpapasensyahan, hanggang dito ba naman sa bahay niya ay pepestehin pa siya nito?

“The front door was opened.” Naglakad ito papalapit sa kanya.

“What do you want?” inis niyang usisa.

“This.” Nasa harapan na niya ang lalaki at natagpuan na lamang niyang nakadikit na ang bibig nito sa mga labi niya.

He was kissing her thoroughly and deeply and she was too surprised to resist. Her pulse quickened even more when she felt his hands slipped inside her

blouse. He tore his mouth from hers then proceeded to kiss her jaw, her neck.

“S-stop! S-stop that!” She hated herself for the panic she heard in her voice. Mariin niyang kinagat ang pang-ibabang labi para pigilan ang sarili na makagawa ng kung anong tunog but to her horror, she heard someone moan. Gusto niyang sakalin ang sarili nang mapagtantong boses niya iyon.

“Hmm... you smell so good I want to eat you whole.” She shivered as his hot breath fanned her ear.

Shit! Sinusumpa niya talaga ang katawang ito.

She hated how it turned hot at his touch, hated how her heart beats wildly at the sound of his voice, hated how her knees go weak at the sight of his face.

He continued nibbling, licking, and sucking hard at her neck and shoulders. Sigurado siyang mag-iiwan iyon ng marka sa kanyang maputing balat. Damn, her skin burned where he kissed her.

Asshole, this is really unfair! protesta ng utak niya.

Why does her body has to respond like this to him?

Groaning, he abruptly stood straight, cupped her face then molded his mouth to hers. Napasinghap siya

nang maramdaman ang pag-akyat ng kamay nito sa kanyang dibdib. She tore her mouth away from his.

“Stop!” Pero sa kanyang pagkadismaya, hindi ganoon kadeterminado ang tono niya. “I said—”

“Shut up! This is your punishment for flirting with that guy,” he said tersely. Masyadong hazy ang ulo niya para mai-process ang sinabi nito lalo pa at muli nitong inangkin ang kanyang mga labi niya. His one hand tangled her hair while the other continued its roam across her body.

She couldn't let this happen!

“Are you trying to rape me?” nagawa niyang masabi nang makawala ang mga labi rito mula sa kanyang bibig. Narinig niyang ang pagtawa nito nang pagak.

“You can hardly call this rape, Enna,” he said smugly. And that did it, tila binuhusan ng nagyeyelong tubig ang dalaga sa salitang iyon at bumagsak siya mula sa mundo ng sensual pleasure into the hard cold place called reality.

Damn him!

“Get off me!” she yelled, determinado at buong lakas niya itong tinulak. “You despicable good for

nothing bastard!”

“You little wildcat!” sigaw rin nito, amber eyes blazing like fire, fingers digging painfully into her shoulders. “Maybe I should make you mine so you won’t be able to run away from me!” Nanginginig ito, gone was the calm and the smug exterior he had been displaying a while ago.

Pareho silang malalim ang paghinga, parehong nanlalaki ang mga mata—Enna’s because of shock, Alvaro’s because of rage. Mayamaya ay pumikit nang mariin ang lalaki, mahigpit pa rin ang hawak nito sa mga balikat niya., Walang anu-ano ay bigla siya nitong tinulak palayo at humakbang paatras sa kanya.

“Seryoso ako, aalis talaga ako sa trabaho in two weeks,” saad niya nang makabawi. His eyes shot back sharply at her, pero nagpatuloy siya. “I tried countless times to defy you and I never win. But this time, Alvaro, it’s different, because I have my mother’s support at wala kang magagawa para pigilan ako. I will leave you. “

“Gusto mo ba talaga ng away?” Muntikan na siyang mapaatras sa talim ng tingin na ipinukol nito sa kanya, pero tinatagan niya ang sarili at nakipaglaban ng tingin dito. Ito ang unang bumawi ng tingin at napabuntong-hininga na lang.

“Do what you want, tingnan natin kung hanggang s’an ka makakapunta.” Kalmado na ulit ang boses nito, pagkuwan ay naglakad na ito palabas ng kusina niya.

“Walanghiya ka!” habol niyang sigaw rito at napaupo na parang kandilang natunaw sa sahig. Huminga siya nang malalim para kalmahin ang sarili.

Tandang-tanda pa ni Enna ang unang beses na naramdaman niya ang ganitong uri ng panghihina about fourteen years ago noong eleven years old silang dalawa. Iyon ang unang pagkakataon niyang nakita ang side na ito ni Alvaro. Ipinikit niya ang mga mata habang hinayaan ang pagdaloy ng alaala nang gabing iyon, when she saw an Alvaro she had never seen before....

“Bakit? Did I violate some rules that’s why you’re kicking me out? May sinaktan ba ako sa club? May ginawa ba akong masama?” It took all the effort the eleven-year-old Enna could muster para hindi umiyak habang kausap sa phone si Janine, ang presidente ng Journalism Club ng International School kung saan nag-aaral siya kasama si Alvaro. Although servants nga lang talaga ang pamilya Rivera sa mga Altez-Villegas, they were actually treated more like family. Nang

mamatay ang kanyang ama noong seven years old siya, parang si Don Antonio na rin ang naging pangalawang ama niya. She and her sister even went to the same schools as Alvaro. Ayon sa don, dahil magtatrabaho sila very closely para sa mga Altez-Villegas, tama lang daw na quality education din ang matanggap nila.

“No, Enna, hindi gan'on,” sabi ni Janine sa kabilang linya.

“Kung gayon ay bakit? Dahil ba hindi ako talaga mayaman—”

“Enna, please, calm down.”

“Bakit? Bakit lahat kayo ay inalis ako na para bang may sakit akong nakakahawa?” Tuluyan nang napaiyak si Enna. Hindi niya alam ang mararamdaman nang mga panahong iyon. That week, sunud-sunod siyang tinanggal ng mga clubs na sinalihan niya. Una sa streetdancing, sumunod sa theatre club, pagkatapos kanina lang umaga ay pinadalhan siya ng notice na tanggal na rin siya sa Journalism Club. Ano ang nagawa niya? Tatanggalin na rin ba siya sa school?

Ngayon lang siya naging active at nagsasali sa mga club activities sa school dahil ngayon lang niya na-realize ang mga clubs na gusto niyang salihan. She was so happy being part of these organizations and

be with people who shared the same interests as her. Kaya naman napakasakit malaman na tinanggal siya sa mga iyon, unreasonably.

“Enna, ang totoo ay hindi namin kagustuhan ang alisin ka sa club pero—”

“Then why?” she sobbed. “Janine, magkaibigan tayo, hindi ba? Karapatan kong malaman ang dahilan.” Narinig niya ang pagbuntong hininga nito sa kabilang linya.

“Enna, I...” Saglit na tumigil si Janine, “Mas mabuti siguro kung kausapin mo na lang si Alvaro.”

“Alvaro! Totoo ba?” Matapos makipag-usap kay Janine sa telepono, sumugod kaagad si Enna sa kuwarto ni Alvaro sa mansion. “Totoo bang ni-request mo na tanggalin ako sa mga clubs ko?” akusa niya. Nakaupo ito sa study table sa gitna ng malaki nitong silid at nagbabasa ng libro.

“Sino’ng nagsabi niyan?” kalmado nitong tanong as he flipped the pages of the book.

“Bakit? Papatanggal mo rin siya tulad ng ginawa mo sa ‘kin?” she spat.

“Why not? I might do just that.”

Nanlaki ang mga mata ni Enna sa pagkagulat.

“T-totoo?” Muntikan na siyang mapaluhod dahil sa biglang panghihina ng tuhod.

Itiniklop ng binatilyo ang libro at tiningnan siya nang tuwid. Kalmado pa rin ito.

“B-bakit? H-hindi ko maintindihan.” She and Alvaro were best friends, he never treated her like a servant. They had always been very close. They argue but she was sure that she and Alvaro like each other very much, that neither of them would do anything to hurt each other. Tuluyan na siyang napaluhod sa sahi.

Tumayo ito mula sa pagkakaupo, lumakad palapit sa kanya at lumuhod din sa harap niya.

“Don’t cry, Enna.” Pinunasan nito ang luha niya.

“Bakit? Bakit?” she asked desperately. Hinawakan nito ng dalawang kamay ang mukha niya pagkatapos ay idinikit ang noo nito sa noo niya.

“You don’t need them, Enna,” he said, his warm breath touching her lips. “You only need me.” Then he kissed her slightly open mouth. Shocked, awtomatikong niya itong itinulak.

“Ano ba’ng ginagawa mo?” Hawak-hawak niya ang labing hinalikan nito. Umupo ito nang maayos

sa harapan nya.

“Simula bukas you have to attend the same clubs as I do, you’ll also start your piano and violin lessons together with me. You’ll also stop attending your art workshop this summer, instead you’ll come with me to summer camps in Australia. Sasama ka rin sa akin sa birthday celebration ng president ng horseback riding club. You’ll be part of it starting tomorrow, anyway.”

“Anong...?” Confused at shocked pa rin siya sa narinig niya, hindi pa ma-process ng kanyang utak ang lahat ng ito.

“Enna—” Tinangka siya nitong hawakan, pero mabilis siyang nakatayo at nakatakbo palabas sa kuwarto nito.

Nang makabalik sa sariling bahay at makapasok sa kanyang silid, muli siyang napaupo sa sahig. Hindi niya mapaniwalaan ang lahat ng nangyari within the last thirty minutes. Pero sa lahat ng iyon, ang pinaka hindi niya mapaniwalaan ay ang paghalik ni Alvaro sa kanya. Tentatively, she touched her lips that still tremble and burn from his kiss.

Kinakabahan na kumatok si Enna sa pinto ng study ni Don Antonio. Pakiramdam niya, papasok

siya sa execution room. Pagkagaling sa trabaho, tinawagan siya ng kapatid niya at sinabihang dumerecho sa mansion. Nais daw siyang kausapin ng ama ni Alvaro.

“Come in,” came the authoritative voice from inside the room. Huminga siya nang malalim, binuksan ang pinto at pumasok sa loob. “Take a seat, Enna,” malumanay na sabi nito mula sa lamesa kung saan ito nagbabasa ng mga dokumento.

At the age of fifty, guwapo at matikas pa rin ang current CEO ng *Altez-Villegas Conglomerate*. Dito namana ni Alvaro ang bluish black hair nito at amber-colored eyes pero other than looks, wala nang pagkakapareho ang dalawa. Don Antonio was kind and warm while his only son was cold and ruthless. The old man was understanding and gentle whereas Alvaro was manipulative and forceful. Walang nakakaalam ng ganitong bahagi ng pagkatao ng binata. Magaling kasi itong magtago ng dark side nito at tanging si Enna lang ang nakaalam kung ano ba talaga ang kababata.

“Your mom told me about your decision to resign from your job. She said she supports your decision.”

Totoo iyon. Sa kung anong dahilan, tinanong siya ng ina kung nais pa rin niyang patuloy na manilbihan

sa pamilya Altez-Villegas. Then out of the blue, sinabi nito sa kanya na kung gusto niya, she can pursue whatever dream she has. It was like the sign she was been waiting for all her life.

Isa sa mga matinding dahilan ni Enna kung bakit hindi niya lubusan at harap-harapang magawang kalabanin si Alvaro ay dahil sa utang-na-loob ng pamilya niya sa pamilya nito. Ayaw niyang bigyan ng problema ang mama niya sa pagkalaban sa kanilang amo. Pero sa sinabi nito, para bang nakawala siya sa responsibilidad na nagtatali sa kanya sa mga Altez-Villegas.

“Care to tell me why?” direct to the point na tanong ng CEO ng *AV Conglomerate*.

She felt her throat tightened.

Si Don Antonio ay isa rin sa mahahalagang dahilan kung bakit nagtagal siya sa sitwasyong ito na hindi niya gusto. Halos ama na rin ang naging papel nito sa kanya nang pumanaw ang kanyang papa. She loved this person very much and like most daughters, she wanted to please him as much as she could. Sa kasamaang-palad, alam ito ni Alvaro kaya naman hindi ito nagdalawang-isip na gamitin ang affection na iyon for his advantage.

Business Administration ang kinuha niyang course dahil iyon ang suggestion ng matanda, dahil na rin sa pagsusulsol ni Alvaro. Sinabi ng anak nito na magiging malaking tulong sa kanila kung ang isang taong katulad ni Enna, na siyang lubos nilang pinagkakatiwalaan, ay magtatrabaho para rito sa *AV Conglomerate*.

It was a request from Don Antonio, not an order, pero hindi magawang tumanggi ni Enna. Inakala niyang magagawa niyang mabuhay sa nais mangyari ng amo, subalit hindi pala niya kaya. Sa huli, nang mabigyan siya ng pagkakataon, mas nangibabaw pa rin ang pagmamahal niya para sa sarili kaysa sa pagtanaw ng utang-na-loob at pagmamahal dito.

I should have disappointed him then, instead of disappointing him now, naisip niya.

“Sir, I want to pursue my own dream.” Hindi niya ito magawang tingnan sa mata.”Gusto ko pong magsulat. Ang totoo nga po, nag-enroll na ako ng two-year writing course sa *UP* for this coming semester. Sa palagay ko po, hindi ko magagawa nang maayos ang trabaho ko sa *AV Motors* habang nag-aaral ako, kaya mas tama lang na mag-resign ako,” pahayag niya.

“Look at me in the eye, Enna,” malumanay na saad nito. Hindi siya iyakin; eleven years old pa siya

nang huling umiyak sa harapan ng ibang tao. Pero ngayon, ramdam niyang nanginginig ang kanyang mga labi at nagbabantang bumagsak ang luha sa namumula niyang mga mata.

Napakaingrata niya. Matapos ang lahat ng ginawa ng pamilyang ito sa kanya, ano ang igaganti niya? Iwan niya ang mga ito nang ganoon-ganoon lamang na hindi man lang binabayaran ang lahat ng itinulong nito sa kanya. Hindi ba tama lang naman na pagsilbihan niya ang mga ito matapos ang lahat?

“Child, look at me.” Malumanay pa rin ang boses nito nang sabihin iyon. Sinunod niya ito at lalo siyang nanliit at na-guilty sa nakita sa mga mata nito. Walang panunumbat dito, all she could see there was kindness.

“Nalulungkot ako at mawawalan ako ng isang magaling at mapagkakatiwalaang empleyado,” he said. “Pero natutuwa ako dahil mukhang nakita mo na ang gusto mong gawin.” He smiled.

“To tell you frankly, nag-aalala ako sa iyong bata ka dahil mukhang hindi ka kasi masaya sa trabaho mo. Don’t get me wrong, your performance is impeccable as were your marks when you were studying, but I’ve always sensed that your heart is not in it. After all, you were dear to me like a daughter, kaya alam ko.

“Pasensya ka na, siguro I’ve unintentionally put pressure on you when I suggested that you take Business Administration with Alvaro,” mahabang saad nito.

Enna bit her lip hard. Hindi siya puwedeng umiyak, wala siyang karapatang umiyak.

“Oo nga pala, Hija, don’t worry about your expenses. You’ll continue to receive your pay hanggang sa makatapos ka at makakuha ng trabaho—”

“No!” It came out more forcefully than she intended. Halatang nagulat si Don Antonio. “I mean,” she said more gently, “hindi na po iyon kailangan, may part-time job po ako. I do editing jobs through the internet. It pays quite well at tamang-tama lang sa schedule ko, kaya ko pong suportahan ang sarili ko.” Para sa kanya, mababale-wala ang lahat ng ito kung mabubuhay pa rin siya gamit ang pera ng mga Altez-Villegas.

Ilang segundo rin siyang tiningnan ng kausap bago ngumiti sa kanya.

“Sige, Hija, kung iyon ang gusto mo.” Sa wakas nagawa rin niyang ngumiti.

“Salamat po,” buong sinseridad niyang sabi.